# Balitang Manmin

BILANG 92 SETYEMBRE 15, 2013


# “Nagkaroon Ako ng Katiyakan sa Makapangyarihang Diyos at sa Pangalawang Pagbabalik ng Panginoon!”

## Mahigit sa 500 Pastor at Mananampalataya Mula sa 22 Bansa ang Nakibahagi sa Retreat sa Tag-init ng Manmin
















Umapaw ang mga tanda at himala sa 2013 Retreat sa Tag-init ng Manmin. Nagkaroon ng mas malaking pananampalataya ang mga miyembro ng iglesya mula sa ibang bansa dahil naranasan nila ang kapangyarihan ng Espiritu. Mahalaga din ang alaala ng pagmamahalan nila sa mga miyembrong taga-Korea. Ikalawang araw, Palaro 2013 (6) Ikatlong araw, Pagsamba sa may Camp Fire sa Jumping Park, Deogyusan Resort, Muju, probinsya ng Jeonbuk (1-5) Ikaapat na araw, Lugar ng Muan Sweet Water (7)

Pinagsisikapan ng Manmin Central Church na maging saksi para sa Panginoon sa buong mundo kasama ang may 1,000 sangay at katuwang na iglesya. Hinahangad ng mga miyembro ng iglesya sa ibang bansa na maranasan ng personal ang mga pagpapagaling at mga kasagutan. Gusto nilang makita ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee dahil siya ang nagpapatunay ng mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos.

Mula Agosto 5-7, idinaos ni Dr. Lee ang Retreat sa Tag-init ng Manmin para sa taong ito pagkatapos ng pitong taong hindi pagdalo. Ang pinakahuling dinaluhan niya ay noong taong 2006. May humigit-kumulang 500 pastor at miyembro ng iglesya na nagmula pa sa 22 bansa ang nakibahagi. Dumalo sila sa seminar, sa palaro, sa pagsamba at papuri sa may camp fire na ginanap sa Deogyusan Resort sa Muju, probinsya ng Jeonbuk. Noong Agosto 8, binisita nila ang lugar ng Muan Sweet Water, kung saan napalitan ng tubig na naiinom ang tubig-alat (tingnan sa Exodo 15:25). Naglublob sila sa paliguang puno ng tubig na iyon.

Itinampok sa seminar ang sermon ni Dr. Lee tungkol sa “Whole Spirit” (Buong Espiritu, Pagiging Banal) mula sa Mga Hebreo 10:22 (basahin ang pahina 2). Isinalin ito sa walong wika ng sabay-sabay: Ingles, Intsik, Ruso, Hapon, Pranses, Aleman, Kastila, at Mongolian. Naunawaan nila kung bakit iniibig ng Diyos ang mga miyembro ng Manmin at kung ano ang kalooban Niya para sa kanila. Sila ang naging bunga ng pagluha ng pastol.

Lumago ang pananampalataya ng mga dumalo lalo na nang makakita sila ng kamangha-manghang himala. Tumigil ang malakas na ulan dahil hiniling ito sa panalangin ni Dr. Lee bago siya magsimula ng mensahe niya sa seminar (basahin sa pahina 3). Sinabi ni G. Gulbahar Shindler, taga-Switzerland, “Dumalo ako at ang pamilya ko sa retreat na ito na umaasang makakita ng espesyal na mga tanda at himala dahil kasama si Dr. Lee. At nakita ko nga ito nang tumila ang ulan sa unang araw pa lang.”

At maraming tao din ang gumaling mula sa karamdaman dahil sa panalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit pagkatapos ng mensahe niya. Sinabi ni Pastor Robinson Victor Selvan, taga-India, “Lubos na ang paggaling ng tuhod kong masakit dahil sa uric acid pagkatapos ipanalangin ni Dr. Lee.” Kinabukasan, sumali sa palaro ang mga bisita mula sa ibang bansa at mga miyembro ng koponan ng mga sangay na iglesya. Ito ay binubuo ng mga miyembro ng mga sangay na iglesya mula sa loob at labas ng Korea. Nanalo ang grupong ito sa palaro. Naghandog sila sa Diyos ng mabango at kalugudlugod na samyo ng papuri sa tabi ng camp fire. Tinanggap nila ang sagot sa mga panalangin nila sa huling araw ng retreat.

Sinabi ni Sister Liu na nagmula sa Singapore Manmin Church, “Nakaramdan ako ng pananakit dahil barado ang ugat ko sa puso dahil sa diabetes, pero nawala ito nang manalangin si Dr. Lee para sa mga may sakit. Dama ng puso ko na tiyak ang paggaling ko kaya nagpuri ako sa Diyos, nagtatalon at nagsasayaw ako sa may camp fire.”

Nagkaroon ng pagkakataon ang mga pastor na nagmula sa ibang bansa na makausap si Pastor Heesun Lee (Manmin World Guidance Pastor, patnubay na pastor ng Manmin para sa buong mundo) pagkatapos ng palaro. Masaya nilang sinabi sa kanya na naniniwala na sila na ang lahat ng bagay ay posible kung may pananampalataya. Nangaral din sa kanila ang pastor. Sinabi nilang sa seminar na ito, itinanim na nila sa mga puso nila ang malalim na pagmamahal ng pastor na gumagabay sa kanila patungo sa Bagong Jerusalem sa Langit.

### “Kamangha-mangha ang Pagsamba at Papuri ni Dr. Jaerock Lee sa may Campfire!”



Kap. Anastasia Kolessova
(Fountain of Truth Church, Estonia)

“Sa unang araw pa lang ng retreat sa tag-init ng Manmin para sa taong 2013, nagpakita na ang Diyos ng kamangha-manghang pagkilos. Umuulan nang malakas nang magsimula ng pangangaral si Dr. Lee. Nanalangin siya sa Diyos. Pagkaraan ng ilang sandali, nawala ang maiitim at makakapal na ulap, tumila ang ulan. Nagliwanag ang kalangitan at nakita kong naglabasan ang mga bituin. Namangha ako sa kapangyarihan ng Diyos.

Napakaganda rin ng nangyari sa palaro. Nakibahagi ang mga pastor at mga mananampalataya mula sa mga sangay na iglesya sa loob at labas ng Korea. Nagkaisa sila bilang isang grupo para makipagpaligsahan sa tatlo pang ibang mga koponan ng iglesya. Nakakatuwang panoorin na ginagawa nilang lahat ang makakaya nilang gawin na may pagkakaisa bilang pagsunod at pagluwalhati sa Diyos.

Ang pagsamba at papuri sa tabi ng campfire na pinangunahan ni Dr. Lee ay nakakamangha rin. Ang papuri at pananalita niya ay puno ng malalim na pagmamahal at matinding hangarin na ihatid tayo sa Bagong Jerusalem, ang pinakamagandang lugar sa Langit.

Ang lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa Diyos Ama at sa Panginoon ng pag-ibig na nagbibigay ng malaking pagpapala at kaligayahan sa retreat ng Manmin para sa taong ito.”

# Buong Espiritu (Banal)

"Tayo'y lumapit na may tapat na puso sa lubos na katiyakan ng pananampalataya,
na ang mga puso ay winisikang malinis mula sa isang masamang budhi na nahugasan ang ating katawan ng dalisay na tubig" (Sa Mga Hebreo 10:22).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Ang retreat sa tag-init ng Manmin ay parang karugtong o ekstensyon ng kumperensya para sa mga lider na idinaos noong Hulyo 1-3, 2013. Ito ay may temang "Whole Spirit" (Buong Espiritu o Banal). Ang unang pruweba ng pagkakaroon ng buong espiritu ay ang makipag-isa sa Diyos Ama sa puso at kalooban, at kung gaano na kabuti ang pagkakaunawa at pagsunod natin sa Kanya. Ang pangalawa ay ang kabutihan ng Diyos. Ito ay hindi ang kabutihang kinikilala ng tao, kundi ang kabutihang kinikilala ng Diyos. Ang pangatlo at panghuli ay katapatan. Ito ay pagkakaroon ng tapat na espiritu. Hindi nito tinutukoy ang paggawa ayon sa kalooban o paraan ninyo, ito ay katapatan sa kung ano ang kagustuhan ng Diyos.

Sa pagsisiyasat natin sa ating sarili batay sa mga pruweba na ipinapakita ng mga taong may buong espiritu, masusukat natin ang ilang aspeto ng pananampalataya natin: kung malapit na tayong maging banal; gaano na kalalim ang pagiging puspos natin ng espiritu; kung espirituwal na tayo; at kung gaano na tayo katatag sa pananampalataya. Tingnan natin kung ano ang gustong ipagawa sa atin ng Diyos para makamit ang pagiging banal.

### Una, gusto ng Diyos na hindi natin makalimutan ang pagpapala na ibinigay Niya sa pamamagitan ng pastol

Ang kailangan kong gawin ay bigyan ng isa pang pagkakataon para mabuhay ang mga nawalan na ng oportunidad dahil sa hustisya. Ginawa ko ang mga dapat gawin bilang pastol, pero totoong hindi ito mga bagay na makakayang gawin ng kahit na sino. Tanging ako lang ang makakagawa nito. Kinakailangan nito ang mga dalangin ng isang banal na tao tulad ni Abraham na ipinanalangin si Lot at ang kanyang mga anak na maligtas mula sa paghatol na dumating sa Sodoma (Santiago 5:16).

Pero ang mga katangian ng isang taong banal ay hindi sapat ayon sa hustisya, kaya kinakailangan nito ng pag-ibig na lumalampas sa hustisya. Sa madaling salita, inihandog ko ang buhay ko bilang panagot o pamalit. Hindi ito nangyari nang isang beses lang. Kinailangan kong pagtagumpayan ang mga pasakit tulad ng kamatayan halos araw-araw sa loob ng maraming taon. Ang puso ko ay napilatan ng hindi mabilang na malalim na sugat kapag nakikita kong patungo sa kamatayan ang mga kaluluwa. Ang mga sugat na ito ay nakikita sa pisikal na katawan ko, kaya nagdurusa ako sa matinding sakit ng katawan. Nawalan ako ng lakas at sigla, at mayroon akong sakit sa sikmura at iba pang sakit. Pero binayaran ko pa rin ang halaga ng hustisya nang paulit-ulit.

Kaya, papaano ako magiging kumportable at magpapahinga ng isang araw, o isang oras, o kahit na isang minuto? Kailangan kong alagaan ang napakaraming kaluluwa sa lahat ng oras dahil para silang mga batang naglalaro sa malalim na ilog. Kailangan ko silang bantayan at bigyan ng lakas ng loob. Ito'y dahil hindi ako mapapalagay kung hindi sila magkakaroon ng matatag na pananampalataya at maging puspos ng espiritu.

Samantala, kinailangan kong dumaan sa espirituwal na pagsasanay para maibigay nang lubos ang orihinal na tinig. Ito ay para sa hindi mabilang na mga kaluluwa na lumalapit sa akin, para makamit nang walang kamalian ang kalooban ng Diyos, at higit sa lahat, para sa pagbabago at paghahatid sa bawat isang miyembro ng kawan ko patungo sa Bagong Jerusalem, ang pinakamagandang tirahan sa Langit (Apocalipsis 21-22).

Para sa akin, lahat kayong nasa kawan ko ay kasing halaga ng buhay ko, dapat ko kayong dalhin sa Bagong Jerusalem. Binayaran ko ang halaga ng hustisya hindi lang para sa mga patungo sa kamatayan. Ito ay para sa lahat na inaalagaan ko, kahit mga bagong mananampalataya o mga bagong dating, kahit hindi ko pa kayo personal na kakilala.

Namalagi akong mag-isa sa bahay panalanginan sa bundok, sumailalim sa espirituwal na pagsasanay, at binayaran ang halaga ng hustisya. Para sa inyong lahat ito. Dahil dito, ibibigay sa inyo ang mga pagpapala at benepisyo. Pero ang lahat ng ito ay magiging lubos na biyaya kung mauunawaan ninyo na sa pamamagitan ng sakripisyo at pag-ibig ng pastol kaya kayo tatanggap ng lahat ng pagpapala at benepisyo. Dapat ninyong pasalamatan ito sa kaibuturan ng inyong puso.

### Pangalawa, gusto ng Diyos na maunawaan natin na kalooban Niya na malaman ng lahat ang kapangyarihang ibinigay Niya sa pastol

Kamangha-mangha ang kapangyarihan ng Diyos na ipinakita sa pamamagitan ni Moises sa Exodo. Nabalitaan ito kahit sa malalayong lugar kaya nanginginig sa takot kahit ang mga Hentil. Palaging nakakamit ng mga Israelita ang tagumpay dahil kasama nila ang Diyos habang sinasakop nila ang lupain ng Canaan sa pamumuno ni Josue, ang pumalit kay Moises. Maliban kina Moises at Josue, makikita natin na kumikilos ang Diyos sa mga lingkod Niya bilang patunay na kasama nila ang Diyos. Ang karaniwang pagkilos ng Diyos ay ang pagpapakita ng kapangyarihan Niya (Mga Awit 62:11).

Yumuyukod kahit mga hari at mga makapangyarihang tao sa harapan ng mga taong hinirang ng Diyos dahil sa pagpapakita ng Diyos ng kapangyarihan Niya. Nanginig sa takot ang mga Hentil, ni hindi nila sinubukang lumaban sa kanila. Gusto ng Diyos na ipakita ang ganitong kapangyarihan kahit ngayon. Gusto Niyang ipamalita natin na Siya ay buhay at makapangyarihan. Gusto Niyang malaman ng mga tao na totoo ang mga nakasulat sa Biblia, ang magaganap ang Paghatol, at totoong may Langit at Impiyerno.

Samakatwid, naghanda ang Diyos ng sisidlan na makakapagbahagi ng kapangyarihan Niya sa buong mundo sa mga natitirang panahon. Ibig sabihin, plinano Niyang matupad ang kalooban Niya sa pamamagitan ng Manmin. Palaging puno ng kapangyarihan ng Diyos at mga kasiyahan at emosyon na mula sa Diyos ang mga retreat sa tag-init ng Manmin. Mga nagsisigalaw na mga bituin, mga ulap na nawawala at lumilitaw, mga pabilog at hindi pangkaraniwang hugis ng bahaghari, at mga tutubi! Lahat ng ito ay lubhang kataka-takang makapangyarihang pagkilos ng Diyos na naranasan ng lahat ng taong dumadalo sa retreat ng Manmin. Ang tungkol sa mga pangyayaring ito ay nabalitaan na sa buong mundo, naging pandaigdigang okasyon na ang retreat.

Simula pa lang ito. Kapag dumating na ang pinansiyal na biyaya, ipapamalita natin ang Manmin hanggat gusto natin. Pagkatapos, ang retreat natin ay magiging pang-buong mundong pagdiriwang. Magiging interesado ang lahat dito. Sa pamamagitan nito, kikilalanin ng hindi mabilang na mga hindi mananampalataya ang buhay na Diyos at babalik sila sa kandungan ng Panginoon. Hindi mapapantayan ng malalaking palaro o ng kahit na anong okasyong pandaigdigan ang mga retreat ng Manmin. Ito ay pagdiriwang ng kapangyarihan na ginaganap sa harapan ng Panginoong Diyos.

### Pangatlo, gustong tanggapin ng Diyos ang mabangong samyo ng mga naging bunga ng mga pagluha ng pastol

Kahit bago pa lang magsimula ang retreat sa tag-init, pinayagan ng Diyos na magkaroon kayo ng mga pagsubok para masiyasat ninyo ang inyong puso. Nakikiusap ako sa inyo na tingnan kung paano ninyo isinulong ang buhay ninyo sa mga nakaraang taon. Ikumpara ninyo ito sa buhay ninyo ngayon. Natakasan na ninyo ang kadiliman pagkatapos na mapawalan kayo mula sa kasalanan at kasamaan. Nananahan na kayo sa Liwanag. Binigyan na kayo ng pag-asa para sa Bagong Jerusalem sa Langit. Nadadama na ninyo ang pagpapala at pag-ibig ng pastol at hindi na kayo humihinto sa pagsulong para makamit ang mabuting kalooban at perpektong pananampalataya.

Hinahangad ng Diyos na makamit ng mga anak Niya ang dalisay na puso, at purihin, sambahin, at luwalhatiin Siya ng may maganda at taos-pusong samyo. Dito lang Siya tunay na magagalak. Ibibigay Niya at ipapahayag sa kanila ang kaluwalhatian Niya.

Kung makakamit natin ang espirituwal na puso, mas makapal at mas magandang samyo ang maihahandog sa Diyos. Ang katapatan na ibibigay ninyo bilang kaisa ng Diyos at kaloobang puno ng kabutihan ay dadaloy paitaas bilang makapal na samyo na hahaplos sa puso Niya. Pagkatapos ng proseso ng pangangalaga ng sangkatauhan, hahayaan Niya ang mga anak Niya na magkaroon ng ganitong samyo para manahan sa Bagong Jerusalem at manirahan doon magpakailanman.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, Binigyan tayo ng Diyos ng pagpapala, kasiyahan, mga oportunidad, at mga biyaya na hindi natin mahahanap kahit saan. Gayon pa man, kayo ang dapat kumilos para makamit ang mga bagay na ito kahit ibinubuhos ng Diyos sa inyo ang pag-ibig Niya. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tanggapin nawa ninyo ang pagpapala at kalakasang mula sa Diyos para magampanan ninyo ang mahalagang tungkulin ng Manmin sa mundo.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Pag-ibig ng Diyos sa mga Kaluluwa Retreat sa Tag-init ng Manmin 2013


### Unang Araw, Seminar – tumigil ang malakas na ulan at maraming karamdaman ang gumaling!



Sa unang linggo ng Agosto, ng kasalukuyang taon, umabot sa sukdulan ang init ng panahon, at umulan ng napakalakas sa sa buong South Korea. Idinaos ng iglesya ng Manmin ang kanilang retreat sa Deogyusan Resort, Muju, Jeonbuk nang hindi ito alintana. Noong Agosto 5, unang araw ng retreat, sinimulan ng mga miyembro ang seminar sa pamamagitan ng mga papuri bandang ika-7:00 ng gabi. Nagdilim ang kalangitan dahil sa maiitim na ulap. Nagsimulang pumatak ang ulan nang ipakilala ng tagapanguna ang tagapagsalita pagkatapos ng mga pagtatanghal. Hindi nagtagal, umulan na ng napakalakas.

Ni hindi natinag ang tagapagsalitang si Dr. Jaerock Lee kahit nauulanan. Nakinig siya sa pagpapakilala hanggang matapos ito. Naging kalmado din ang mga miyembro ng iglesya, hindi sila kumilos. Nakita at naranasan na nila ang pagpapatigil ng ulan mula pa noong magsimula ang iglesya. At bago magsimula ng mensahe, matapang na hiniling sa Diyos si Dr. Lee na patigilin ang ulan.


"Ulan, tumigil ka! Pawiin Mo ang mga ulap. Palabasin Mo ang langit at mga bituin." Pagkatapos, sinimulan na niya ang mensahe. Hindi nagtagal, napawi na ang ulap, at lumabas na ang langit at mga bituin. Nagbigay ang Diyos ng presko at malamig na hangin. Bumaba ang temperatura mula sa 25 celsius at naging 23 celsius na lang. Mabilis na natuyo dahil sa hangin ang mga damit ng miyembro na nabasa ng ulan. Hallelujah!



Naitala sa Biblia ang mga kamangha-manghang mga tanda at himala, at walang katulad ang pagpapatigil ng ulan na naisulat dito. Ang mga ulap na 'cumulonimbus' na nagpapaulan ay makapal at mataas (tingnan ang litrato sa ibaba). Imposibleng hawiin ang napakakapal na ulap tulad nito at patigilin ang pag-ulan. Ang Diyos na Manlilikha lang ang makakagawa nito.

Pagkatapos ng seminar, idinalangin ni Dr. Lee ang mga may sakit, marami ang nakaranas ng paggaling at mga kasagutan sa dalangin. Nakakita ang mga bulag, nakarinig ang mga bingi, nakalakad at nakatalon ang mga lumpo, hindi na nila kailangan ang silyang may gulong at saklay. Gumaling din ang isang manonood ng GCN TV (www.gcntv.org) habang pinapanood niya ang seminar.

### Iba't ibang Uri ng Ulap at ang Porma at Taas ng Bawat Isa








### Pangalawang Araw, Palaro – pagdiriwang ng Manmin, may pagkakaisa at may malamig na simoy ng hangin







### Pangatlong Araw – Pagsamba at Papuri sa camp fire – nagkaroon ng mga kasagutan sa mga panalangin at mga biyaya dahil sa mga papuring nakakalugod sa Diyos







"Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, ang sumasampalataya sa Akin ay gagawin din ang mga gawang Aking ginagawa, at lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya, sapagkat Ako'y pupunta sa Ama" (Juan 14:12).

# Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa buhay na Diyos!



Sa ginanap na retreat sa tag-init ng Manmin para sa taong 2013,naipakita ang hindi mabilang na makapangyarihang pagkilos sa pamamagitan ng panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga patotoo ng mga dumalo.

## "Nakarinig ang anak ko!"

Diakonesa Ginger Hazel Brand (Iglesya para sa mga pipi at bingi sa Penang, Malaysia)



Ako at ang asawa ko ay may kapansanan sa pandinig. Nagsusulong ako ng buhay na may pananampalataya at dumadalo sa iglesya para sa mga pipi at bingi sa Penang Deaf-Mute Manmin Church sa Malaysia. Dinadaluhan ko rin ang mga pagsamba ng Manmin Central Church gamit ang 'Nefsis conferencing system.' Nagkaroon ako ng tunay na pananampalataya dahil sa pakikinig ko ng Salita ng Diyos na inihahatid ni Dr. Lee. Sa kasalukuyan, nabubuhay ako nang may pag-asa para sa Langit. Noong Abril 2013, nasuri sa ospital na ang 1 taong gulang na anak kong babae ay pipi at bingi rin. Gayon pa man, sumasampalataya ako na gagaling siya pagkatapos tanggapin ang dalangin ni Dr. Lee. Nagdesisyon akong makibahagi sa retreat ng Manmin. Dumalo ako sa pulong panalanging Daniel na idinadaos gabi-gabi. Tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee na naka-record, pinaparinig ito sa amin sa pagtatapos ng araw. Noong gabing iyon, ipinatong sa ulo ng anak ko ang panyong makapangyarihan ni Pastor Junghoon Ji, na nagmiministeryo sa Penang Manmin Church (Acts 19:11-12). Pagkatapos noon, napansin kong palaging hinahawakan ng anak ko ang mga tainga niya.

Pinaghandaan at umasa ako sa retreat sa tag-init ng Manmin. Habang mura pa ang bentahan dahil 'off-season', bumili na ako ng tiket sa eroplano papunta sa Korea kahit wala naman akong gaanong pera. Nanalangin ako sa pulong panalanging Daniel at hiniling ko sa Diyos na pagalingin ang anak ko.

Noong July 29, 2013, nakarating ako sa South Korea. Dumalo ako sa Manmin Central Church para sa pulong panalanging Daniel. Noong oras na iyon, nagsisigaw ang anak ko, hindi niya ginagawa ito dati. Palingon-lingon siya at kung anu-ano ang ginagawa. Noong Agosto 2, 2013, pagkatapos siyang ipanalangin ni Dr. Lee, isinenyas niya ang mga daliri niya, may gusto siyang ipahiwatig.

Noong Agosto 5, 2013, may nangyaring himala. Naganap ito pagkatapos mangaral at manalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit sa unang araw ng retreat. Tumango ang anak ko nang may nagtanong sa kanya. Lumingon pa siya nang may tumawag sa pangalan niya, "Skyla!" Lubos ang kaligayahan ko, napaiyak ako habang nagpapatotoo sa entablado. Pinupuri ko ang makapangyarihan at mabuting Diyos. Hallelujah!

## "Bumalik ang paningin ng kanang mata ko"

Kap. Jungseok Park (Ika-1 Chinese Parish, South Korea)

Noong 2011, nagkaroon ako ng 'vitreous hemorrhage', ito ay ang pagdurugo sa 'vitreous humor' sa mata (ang vitreous humor ay ang malinaw na gel sa pagitan ng lens at retina). Nasira nito ang paningin sa kanang mata ko. Nagpaopera ako para ipatanggal ito, pero bulag pa rin ang mata ko. Labis na nalungkot ang anak kong si Diakonesa Geumja Park, gusto niyang gumaling ako sa retreat sa tag-init ng Manmin.

Dahil nagmakaawa siya sa akin, sumama ako. Idinalangin ni Dr. Jaerock Lee ang mga may sakit sa unang araw, maraming tao ang nagpatotoo ng paggaling. Tinanong ako ng anak ko, "Dad, nakakakita ka na ba?"

Pero, hindi pa rin ako nakakita. Sinabi ko pa sa kanya na hindi ako naniniwala sa mga patotoo ng ibang tao. Dahil sa sinabi ko, napaiyak at nanalangin ang anak ko. Naantig ang puso ko dahil dito, napaiyak din ako.

Kinabukasan, may dumapo na tutubi sa braso ko. Hindi ito lumipad palayo, matagal itong nakadapo. Namangha talaga ako! Parang ipinakita ng Diyos ang pagmamahal Niya sa akin sa pamamagitan ng tutubing iyon.

Nang sumunod na araw, may nakakagulat na nangyari sa akin. Nakakita ang kanang mata ko. Tinakpan ko ang kaliwang mata ko, nakita ko ang 'name tag' sa dibdib ko. Ipinabasa sa akin ng ibang mga miyembro ng iglesya ang mga 'name tag' nila. Binasa ko ang bawat isa sa kanila. Lumilinaw ang mata ko bawat araw. Ang lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa buhay na Diyos!



## "Nakapaglakad ako nang maayos kahit walang saklay"

Kap. Jintaek Jeong (2-16 Parish, South Korea)



Habang bumababa ako sa hagdanan, natapilok ang kaliwang paa ko. Napakasakit nito at namaga nang husto. Hindi ako matulog dahil sa sakit. Naalala ko ang mga kasalanan ko, walang lugar ang mga ito sa buhay ko bilang isang Cristiano. Bago ako naaksidente, napanaginipan kong nasa retreat ako ng Manmin, pero nakasaklay. Nang maalala ko ang panaginip kong ito, natiyak ko na gagaling ako sa retreat.

Kinabukasan, tinanggap ko ang panalanging may panyo mula sa lider ng distrito na si Yunsuk Song. Nawala ang pananakit ng paa ko (Ang Mga Gawa 19:11-12). Gayon pa man, namamaga pa rin ito, hindi pa rin ako makalakad nang maayos. Nakita sa x-ray na may bali ang buto ko doon. Pinayuhan ako ng Parish Pastor Woojin Chun tungkol sa kung anong klaseng kalooban at ugali ang dapat kong taglayin sa retreat ng Manmin. Dapat ding maging karapat-dapat ang buhay ko sa pananampalataya.

Nagpunta ako sa retreat sa tag-init ng Manmin na nakasaklay. Marami akong tinanggap na pagpapala sa pakikinig ng mensahe ni Dr. Lee. Nang ipanalangin niya ang mga may sakit, pinagsisihan ko na naligaw ako ng landas at gumawa ng maraming pagkakasala. Nang sandaling iyon, nakarinig ako ng tinig sa puso ko na nagsasabing, "Tumayo ka na at sumulong!" Natiyak ko na gagaling ako. Habang hinahanda ko ang sarili ko sa pag-akyat sa entablado para magbigay ng patotoo, napansin kong nakakapaglakad ako ng walang saklay. Dahil sa lubos na kasiyahan, niluwalhati ko ang Diyos na bitbit ang saklay. Ako ang nauna sa lahat na nagbigay ng patotoo. Hallelujah!

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714